

Proyektong suporta para sa buhay eskwela ng mga estudyanteng bumalik mula sa ibang bansa o nanggaling sa ibang bansa, Osaka Prefectural Board of Education  
edisyon para sa SY2018

# **Landas na Pipiliin Pagkatapos ng Pag-aaral sa Junior High School**

---

**Osaka Prefectural Board of Education**

<タガログ語>

# Mga Nilalaman

■Paunang Salita	p.1
■Sistema ng Edukasyon sa Japan	p.2
■Mga Uri ng Senior High School	p.3
■Isang Araw sa Pamublikong Senior High School	p.7
■Isang Taon sa Pamublikong Senior High School	p.8
■Gastusin sa Pag-aaral	p.9
■Entrance Exam	p.10
■Pamublikong Senior High School	
Mga Subject/Paksa sa Entrance Exam	p.12
Desisyon kung matagumpay na nakapasa ang aplikante	p.14
Pagpili ng mga mag-aaral para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa, sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa at mga estudyanteng dayuhan na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon	p.15
Konsiderasyon para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon sa Entrance Exam	p.17
Talaan ng Entrance Exam	p.19
■Sistemang Pangtulong-gastos sa Pag-aaral	
Pansamantalang Pautang (Loan System) para sa Pagpasok	p.21
Iskolarysip	p.22
■Alternatibong Landas Bukod sa Pagpasok sa Senior High School	p.23
■Listahan ng mga Ahensyang Tagapayo	p.24


# Paunang Salita

Ang booklet na ito ay inilimbag para sa lahat na nagnanais pumasok sa senior high school (mataas na paaralan o hayskul sa wikang Tagalog). Ipinapakilala dito ang mga saligang impormasyon ukol sa pagpasok sa senior high school. Sa Osaka, may sistema na makakatulong sa inyong pagpili ng landas at makakasagot sa inyong mga tanong at pag-aalinlangan ukol sa landas na pipiliin. Dahil dito, walang dapat ikabahala kung kayo man ay namomorablema sa pagpili ng landas na tatahakin. Kung maari ay kumunsulta sa inyong gurong tagapayo, adviser o sa mga ahensiyang tagapayo at iba pa na nakalista sa booklet na ito.

## ■4 na tanda sa pagbasa ng booklet na ito:



Ipinapaliwanag dito ang bawat bagay sa simpleng paraan.



Ipinapaliwanag dito ang bawat bagay nang mas detalyado.



Dito inilista ang mga tanong at ibang pahina na may kinalaman sa kasalukuyang pahina.



Para sa mas detalyadong impormasyon, bumisita sa homepage ng Osaka Prefectural Board of Education, Support Program for Elementary and Junior High School. Nakasulat ito sa mga wikang Hapon, Chinese, Koreano, Vietnamese, Filipino, Portuguese, Espanol, Thai, Ingles, Indonesiyo at Russian.  
(<http://www.pref.osaka.jp/shochugakko/kikoku/index.html>)

## Sistema ng Edukasyon sa Japan



Sa Japan, ang elementary school (mababang paaralan sa wikang Tagalog) at junior high school (paaralang panggitna sa wikang Tagalog) ay kumpolsaryong edukasyon (compulsory education). Kinakailangang pag-aralin ng mga magulang o guardian ang mga anak sa eskwela sa loob ng sistema ng kumpolsaryong edukasyon. Pagkatapos ng kumpolsaryong edukasyon, maraming landas na maaring pagpilian at tahakin.

Edad	Kinakailangang Edukasyon	Elementary School/Mababang Paaralan ( <i>Shogakko</i> )		
7		6 na taon		
12		Junior High School/Paaralang Panggitna ( <i>Chugakko</i> )		
13		3 taon		
15				
16	Senior High School/ Mataas na Paaralan ( <i>Koko / Kotogakko</i> )	Special Training School ( <i>Koto Senshugakko</i> )	Technical College ( <i>Koto semmon gakko</i> )	Vocational Training School ( <i>Koto shokugyo gijutsu semmon ko</i> )
18	3 taon	1 taon o mahigit	5 taon	1-2 taon
19	University, College ( <i>Daigaku</i> )	Junior College ( <i>Tanki daigaku</i> )	Vocatio nal College ( <i>Senmon gakko</i> )	
22	4-6 taon	2 taon	1 taon o mahigit	
23	Graduate School ( <i>Daigakuin</i> )			
24	2-5 taon			



Makakapagtapos ba sa loob ng 3 taon mula sa saan mang pampublikong senior high school?

⇒ Makakapagtapos sa loob ng 3 taon kung pumapasok nang pang-araw (Full-time, *Zennichi sei*). Tingnan ang pahina 5-6 para sa ibang sistema at paliwanag.

## Mga Uri ng Senior High School



Sa Japan, may mga pampublikong senior high school, national senior high school at mga pamprivadong senior high school.

### ■Pampublikong senior high school /National senior high school

Nasa pangangasiwa ng bansa, prefecture at ng lungsod.

Magkakasamang nag-aaral ang mga lalaki at ang mga babae. (Ko-ed)

### ■Privadong senior high school

Nasa pangangasiwa ng pribadong tao, kompanya atbp. Ang gastusin sa pag-aaral sa pribadong paaralan ay karaniwang mas mahal kaysa sa nasyonal o pampublikong paaralan.※

Bukod sa ko-ed, mayroong panlalaki lamang at pambabae lamang na paaralan.

※ Sa mga pribadong senior high school, mayroong sistemang tumutulong sa pagbayad ng tuition fee/matrikula batay sa kinikita ng sambahayan.

⇒Pakigurlitan o markahan ng check ang pahina 9.



Magkapareho ba ang entrance exam sa pampublikong senior high school at sa pribadong senior high school?

⇒ Magkaiba ang sistema ng entrance exam sa pampublikong senior high school at sa pribadong senior high school.

### ■Mga subject/paksa sa entrance exam ng pampublikong senior high school

⇒ Pakigurlitan o markahan ng check ang p 12-13

### ■ Mga subject/paksa sa entrance exam ng pribadong senior high school

Magkaiba ang petsa ng entrance exam, nilalaman at mga pamantayan sa pagtanggap sa bawat paaralan. Maari lamang humingi sa junior high school teacher ng karagdagang impormasyon mula sa gurong nakatalaga sa pag-aaplay sa mga entrance exam ng bawat paaralan.

May apat na uri ng mataas na paaralan (*high school*).

Nagkakaiba ang mga ito sa oras ng pag-aaral, sa panahon na kinakailangan hanggang makapagtapos at ang uri ng mga klase.

**<Regular na oras ng Pagpasok sa High school (Full-time, Zennichi sei)>**

**■Oras ng pag-aaral**

Mula umaga hanggang hapon (Mula ika-8:30 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon)

**■Panahon na kinakailangan para makapagtapos**

3 taon

**■Uri ng mga klase**

Karamihan sa mga paaralan na nagbibigay ng regular na pagpasok ay may takdang dami ng yunit ng klase na kailangang maipasa bawat taon. Kung hindi matagumpay na makuha ang takdang dami ng yunit, hindi makakapasa ang estudyante at hindi siya maaring umusad sa susunod na baitang. Samantala, sa mga paaralang sumusunod sa credit system, malayang makakakuha ng maraming klase ang estudyante.

**■Halimbawa ng kabuuang-oras sa mataas na paaralan (*full-time high school*)**

<Pangkalahatang kurikulum ng mataas na paaralan (*general high school curriculum*)>

Matututo ng karaniwang paksa.

<Natatanging Departamento (*Specialized Department*) ng mataas na paaralan>

Matututo ng mga pangunahing kaalaman sa mga espesyal na mga larangan tulad ng: industriya, kalakalan/komersiyo (*commerce*), agrikultura, at internasyonal na kultura; at makagamit ng mga kasanayan at makabuo ng kakayahan upang makakuha ng kwalipikasyon.

<Paaralan ng Pinagsamang Departamento (*Integrated Department*)>

Bilang karagdagan sa mga karaniwang paksa, mayroong mga elektibong paksa (*elective subjects*) na mapagpipilian at matututunan ayon sa sariling mga interes.

<Pagbibigay-kakayahang Paaralan (*Empowerment School*)>

Batay sa antas ng pag-unawa, muling matututo ng mga pangunahing kaalaman at mapag-iisipan sa klase ang mga problema kung saan walang isang tamang sagot.

<Multi-class credit system course sa Mataas na Paaralan>

(*Tabu sei - Tan-i sei, Creative school*)

■Oras ng pag-aaral

Schedule I = pang-umaga (Mga ika-8:30 ng umaga hanggang ika-12:30 ng tanghali)

Schedule II = pang-hapon (Mga ika-1:00 ng hapon hanggang ika-5:00 ng hapon)

Mayroon din mga paaralan na naghahandog ng schedule III. (Kahawig ng pang-gabing klase)

■Panahon na kinakailangan para makapagtapos

Pagkuha ng pinagsabay na schedule I at II, o ng pinagsabay na schedule II at III = mahigit sa 3 taon na pagkuha ng isang schedule lamang = mahigit na 4 taon

Maaari din kunin ang schedule III kasabay ng correspondence course (*tsushin sei*).

■Uri ng mga klase

Napipili ang oras (schedule I, II, o III) at mga subject/asignatura depende sa uri ng pamumuhay at sariling bilis ng pag-aaral. Ang isang pangkat ng klase ay maaring isang taon o 6 na buwan.

<Pang-gabing pasok sa paaralan>

■Oras ng pag-aaral

Sa karamihan ng paaralan, ika-6 ng hapon – mga ika-9 ng gabi.

■Panahon na kinakailangan para makapagtapos

4 taon

Pagkuha din ng kasabay na correspondence course (*tsushin sei*) = mahigit sa 3 taon

■Uri ng mga klase

Maaaring makapasok sa pang-gabi na schedule. Nakakakuha ng yunit mula sa bawat klase.

< Correspondence Course / Malayuang Pag-aaral sa Pamamagitan ng Koreong Mataas na

**Paaralan (Tsushin sei)>**

■ **Oras ng pag-aaral**

2-3 beses sa isang linggo kinakailangang pumunta sa paaralan para mag-aral. Ngunit ito ay nakasalalay pa rin sa paaralan.

■ **Panahon na kinakailangan para makapagtapos**

Mula 3 taon pataas.

■ **Uri ng mga klase**

Sa mga araw na walang pasok, maaring mag-aral ang mga estudyante sa bahay sa pamamagitan ng mga textbook, hand-outs atbp, at maghanda at magpasa ng ulat kung saan makakatanggap ng kaukulang tamang pagwasto at paggabay.



Ano ang yunit (*tan'i*)?

⇒Ginagamit ang yunit (*tan'i*) sa senior high school upang malaman ang dami o bilang ng kaukulang pag-aaral na nagampanan. Kapag nakuha ang takdang resulta ng pag-aaral sa mga subjects o asignatura, nakukuha ang kaukulang yunit para sa mga subjects or asignaturang ito. 50 minuto ang bawat yunit oras at mayroon namang 35 yunit oras ang isang buong yunit. (50 minuto  $\times$  35 yunit oras = 1750 minuto sa isang buong yunit) Makakakuha ng mga yunit mula sa bawat subject at makapagtapos kapag nabuo na ang kailangang bilang ng yunit sa paaralan.



# Isang Araw sa Pamublikong Senior High School



Narito ang halimbawa ng isang araw ng estudyante sa pang-araw na senior high school.

## ■ Umaga

Nag-uumpisa ng mga ika-8:30 ng umaga at may 4 na klase sa umaga.

Magkakaiba ang guro sa bawat subject.

## ■ Tanghalian

Walang school lunch/pananghaliang galing sa paaralan (*kyushoku*) kaya nagdadala ang estudyante ng sariling baon galing sa bahay o kung may cafeteria man sa paaralan, maaari ring kumain ang estudyante doon.

## ■ Hapon

Mayroong 2 o 3 klase sa hapon.

## ■ Pagkatapos ng klase

Mayroong mga club activity na maaring salihan ng estudyante. Maaring gawin sa club activity ang gusto mong sports/laro o aktibidad na kultural.

Malaya ang estudyante na sumali o hindi sumali sa club activity.



Ano ang isusuot pagpasok sa senior high school?

⇒ Mayroong opisyal na uniporme na pinagpasyahan ng paaralan. May dalawang uri ng uniporme na isinusuot kapag pupunta sa paaralan. Mayroong pang tag-init at mayroon din namang pang tag-lamig at ang mga ito ay ginagamit depende sa panahon. Mayroon din namang mga paaralan na walang opisyal na uniporme.

# Isang Taon sa Pampublikong Senior High School



Narito ang halimbawa ng isang taon ng estudyante sa pang-araw na senior high school. Ipinapakita dito ang paaralang may 3 term at paaralang may 2 semestre. Nag-uumpisa sa Abril ang school year ng paaralan sa Japan at natatapos naman ito sa Marso ng susunod na taon.

## ■1st term/unang termino (Abril hanggang Hulyo)

Seremonyang pagpasok, Seremonyang pagbubukas ng termino, Health check-up, Physical check-up  
Field study, Term exam/Pagsusulit  
Miting ng tatlong tao (estudyante, guardian/magulang at guro)  
Seremonyang pagtatapos ng termino

## ■Summer vacation/bakasyon sa tag-init (katapusan ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto)

## ■2nd term/pangalawang termino ((katapusan ng Agosto hanggang Disyembre)

Seremonyang pagbubukas ng termino  
Sports festival (mayroon din sa unang termino ng high school)  
Cultural festival (School festival)  
School excursion (2<sup>nd</sup> grade)  
Term exam/Pagsusulit  
Miting ng tatlong tao (estudyante, guardian/magulang at guro)  
Seremonyang pagtatapos ng termino

## ■Winter vacation/bakasyon sa tag-lamig (katapusan ng Disyembre hanggang unang bahagi ng Enero)

## ■3rd term/ikatlong termino (unang bahagi ng Enero hanggang Marso)

Seremonyang pagbubukas ng termino  
Term exam/Pagsusulit  
Miting ng tatlong tao (estudyante, guardian/magulang at guro)  
Seremonya ng pagtatapos (gradwasyon), Seremonya ng pagtapos ng termino

## ■Spring vacation/bakasyon sa tag-sibol (katapusan ng Marso hanggang unang bahagi ng Abril)

## Gastusin sa Pag-aaral



Ang mga gastusin sa pag-aaral ay ang pera na kailangan sa pagpasok sa paaralan.  
Magkakaiba ang mga gastusin para sa iba't-ibang uri ng paaralan.

### ■ Ang mga gastos sa pag-aaral sa senior high school

- ① Examination fee = Babayaran para sa entrance exam
- ② Admission fee = Babayaran para sa pagpasok
- ③ Tuition fee = Babayaran para sa mga klase o Matrikula
- ④ Mga kailangan sa unang taon = perang kailangan para sa isang taon maliban sa ①②③ na para sa iskwela tulad ng mga libro at uniporme para sa mga eskwelahan na merong uniporme.

		① Examination fee	② Admission fee	③ Tuition fee	④ Mga kailangan sa unang taon
(full time) na mag-aaral May Kabuuang oras	Pamublikong Mataas na Paaralan	¥2,200	¥5,650	¥118,800	Mga ¥300,000
	Pampribadong Mataas na Paaralan ※	¥20,000	¥200,000	¥580,000	Mga ¥1,100,000
Kursong para sa maikling panahon lamang (Publiko)		¥950	¥2,100	¥32,400	Mga ¥50,000
Kaukulang kurso (Publiko)		¥800	¥500	bawat yunit sa isang taon ¥330	Mga ¥40,000

※Magkakaiba sa bawat paaralan ang kanilang bayad sa matrikula, bayad sa pagsusulit at iba pang mga bayarin sa pagpasok. Ang mga halagang ito ay tantiya lamang at hindi ang saktong bayarin.

### ■ Sistemang pantulong sa pagbabayad ng matrikula

- Para sa mataas na paaralan, libreng matrikula kung ang kita ng pamilya ay hindi lalapas ng ¥9,100,000.
- Sistema para sa libreng matrikula para sa Pampribadong Mataas na Paaralan ※

Kita ng Pamilya (pamantayan)	Hindi hihigit sa ¥5,900,000	Hindi hihigit sa ¥8,000,000	Hindi hihigit sa ¥9,100,000
<b>Aktuwal na binayad ng magulang (Kung ang matrikula ay di hihigit sa ¥580,000)</b>	Talagang libre	¥200,000	¥461,200

※Ang mga deltalye nito ay nakalathala sa link sa ibaba (Wikang hapon lamang)

[http://www.pref.osaka.lg.jp/shigaku/shigakumushouka/2019\\_osaka\\_mushoka.html](http://www.pref.osaka.lg.jp/shigaku/shigakumushouka/2019_osaka_mushoka.html)

Kapwa ang pamubliko at pampribadong paaralan ay mayroong hakbang o proseso pagkatapos makapagtala o makapag-enrol...



Ano ang dapat gawin kung mahirap makabayad ng gastusin sa pag-aaral?  
⇒ Tingnan ninyo ang p.20-21.


# Entrance Exam



Kailangang kumuha ng entrance exam (*Nyugaku Shiken*) upang makapasok sa senior high school. Ang entrance exam ay tinatawag ding “*Nyushi*” o “*Nyugakusha Sembatsu*” (pagpili ng bagong estudyante). May ilang mga alituntunin sa pagkuha ng entrance exam.


## ■ Pagsusulit para sa pagpasok sa paaralan

© Ito ay uri ng pagpapatala na maaari lamang sa Pamribadong Mataas na Paaralan



(Pagpapatala Para sa Pamribadong Mataas na Paaralan)


Ito ang paraan ng pagkuha ng exam sa pribadong senior high school na mangangakong talagang papasok kapag nakapasa. Hindi na makakukuha ng entrance exam sa pampublikong senior high school kapag pumasa na sa pribadong senior high school.



© Ito ay uri ng pagpapatala na pwede lamang sa Pampublikong Mataas na Paaralan

(Pagpapatala\_Para sa Pampublikong Mataas na Paaralan)


Kung ang pinili ay pampubliko, hindi na maaaring piliin ang pamprivadong paaralan.



※Ito ay limitado lamang sa piling paaralan o kurso.

(Pag-aplay o pagpapatala sa pampubliko man o pribadong paaralan)

Kahit na pampublikong senior high school ang nais pasukan, maaaring kumuha ng exam sa mga pribadong senior high school na pumapayag sa sabay na pagkuha ng exam para sa pampublikong senior high school. Sa kasong ito, kahit pumasa sa pribadong senior high school, maaari pa ring kumuha ng entrance exam sa pampublikong senior high school. Kapag pumasa sa pampublikong senior high school, maaring malayang piliin o pasukan ang pampublikong senior high school.



※eto ay limitado lamang para sa piling paaralan o kurso

# Pampublikong Senior High School

## Mga Subject/Paksa sa Entrance Exam



Ang nilalaman ng entrance exam ay depende sa kurikulum at mga karagdagang detalye tungkol sa kurso at mga paksa.

### ■ Pagpapatala ng mga espesyal pinili (Kalagitnaan ng Pebrero hanggang sa huling bahagi ng Pebrero)

Kurso at mga paksa		Pagsusuri ng mga Nakamtan (Achievement Test)
Kurikulang Pang-araw (Full-time) <i>Zennichi-sei</i>	Kurso sa Industriya (Kurso sa Arkitektura at Pagdidisenyo / Kurso sa Panloob na Disenyo / Kurso sa Pamproduktong Disenyo / Kurso sa Panlarawang Disenyo / Kurso sa Biswal na Disenyo / Kurso sa Design System) • Kurso sa Pandaigdigang Paghahanap • Kurso sa Sining • Kurso sa Pisikal na Edukasyon • Kurso sa Pag-aliw at Kultura • Kurso sa Pag-arte • Kurso sa Musika • Kurso sa Kalahatang Paghubog	Limang paksa (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1) Pagsusuri sa praktikal na kasanayan
	Kurso sa Pinagsamang Agham (Pagbibigay-Kapangyarihan sa Paaralan)	Limang paksa (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1)
Multi-class credit system course I at II (Creative School)		Pakikipanayam
pang-araw o pang-gabi		

※1 Para sa paksang Ingles, kalakip din ang pagsusulit sa pandinig (listening skill)

### ■ Pagpipili sa karaniwang pagpapatala o enrollment (unang linggo hanggang kalagitnaan ng Marso)

※4

Kurso at mga paksa		Pagsusuri ng mga Nakamtan (Achievement Test)
Kurikulang Pang-araw (Full-time) <i>Zennichi-sei</i>	Lahat ng kursong walang espesyal na pagpili	Limang paksa (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1)
Kurso para sa part-time na pag-aaral (Maliban sa sistema ng pang-araw o pang-gabi na pag-aaral) ※2 Multi-class credit system course III (Creative School) ※2		3 paksa (Pambansang Wika (Wikang Hapon) ,Matematika, Ingles※1)
Liham na Kurso※3		Pakikipanayam

※1 Para sa paksang Ingles, kalakip din ang pagsusulit sa pandinig (listening skill)

※2 Para sa higit sa 21 taong gulang, hindi na kinakailangan pang magbigay ng kaukulang rekord galing sa eskwelahang pinanggalingan, magpainterbyu at kumuha ng akademikong pagsusulit na lamang. Maaari din namang magsumite na lamang ng maikling sanaysay sa halip na kumuha ng pagsusulit.

※3 Para sa higit sa 21 taong gulang, hindi na kailangan magbigay ng kaukulang record.

※4 Para sa mga estudyanteng nagsumite ng aplikasyon para sa pangkalahatang pagpasok, kung sakaling magkaroon ng trangkaso o iba pang karamdaman na maging sanhi upang hindi makasali sa eksamen, maaaring makakuha ng panibagong iskedyul; mangyaring sumangguni lamang sa iyong junior high school.

### ■Ang Pangalawang Pagpipilian (Katapusan ng buwan ng Marso)

Kurso at mga paksa	Pagsusuri ng mga Nakamtan (Achievement Test)
Kursong di umabot sa hustong bilang ng mag-aaral ang nag-aplay o nagpatala	Pakikipanayam

### ■Ang ibang pagpipilian (Kalagitnaan hanggang sa huling buwan ng Pebrero)

Ang mga pangalan ng pagpipilian	Pagsusuri ng mga Nakamtan
Mga napiling papasok/entrante para sa sa Nose Branch ng Toyonaka Senior High School ng Lalawigan ng Osaka  Nose Branch (Pinagsamang Departamento)	Limang paksa (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1) Pakikipanayam
Pagpili sa mga mag-aaral na bumalik galing sa ibang bansa※5 Kursong Ingles, Kurso sa Internasyonal na Aralin, Kurso sa Internasyonal na Kultura, Pandaigdigang Kurso, Kurso sa Pandaigdigang Paghahanap, Kurso sa Pinagsamang Agham	Matematika, Ingles※1 Pakikipanayam (Mangyaring pakitingnan ang pahina p15(1))
Kung ang papasok na mag-aaral ay dayuhan (hindi Hapon) o di kaya naman ay Hapon na magbabalik-aral mula sa ibang bansa at siya ay nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon, maaring pagpipilian ang paaralang ito.※6 Higashiyodogawa Senior High School ((General Course ( <i>Futsuka</i> )) Seibi Senior High School (Integrated Course ( <i>Sogo gakka</i> )) Kadoma Namihaya Senior High School (Integrated Course ( <i>Sogo gakka</i> )) Fukui Senior High School (Integrated Course ( <i>Sogo gakka</i> )) Yaokita Senior High School(Integrated Course ( <i>Sogo gakka</i> )) Nagayoshi Senior High School (Empowerment Course ( <i>Sogo gakka</i> ) Fuse Kita Senior High School (Empowerment Course ( <i>Sogo gakka</i> ))	Matematika, Ingles※1 Pagsusulat (Maaring kahit hindi nihonggo) (Mangyaring pakitingnan ang pahina p16(2))
Pagpipiliang papasok/entrante mula sa pinagsamang junior at senior sa mataas na paaralan (Bahagi ng Kashiwara)  Mataas na Paaralan ng Kashiwarahigashi (Pangkalahatang Kurso)	Maikling sanaysay, Pakikipanayam

※1 Para sa paksang Ingles, kalakip din ang pagsusulit sa pandinig (listening skill).

※5 Walang Pagsusuri ng mga nakamtan.

※6 Walang Pagsusuri ng mga Nakamtan, pansarili

Sa pagpili para sa mga entrante mula sa taong 2017, ang pangalan ay nabago mula sa "Mga napiling mag-aaral na nagbalik sa Tsina atbp at mga dayuhang mag-aaral na nakatala sa mga mag-aaral".

Para sa “ibang pagpipilian”, mangyaring sumangguni sa karaniwang kailanganin sa pagpasok pati na rin sa mga kailanganin sa bawat pagpipilian. Mangyaring magtanong sa inyong paaralang pangggitna (Middle School) o sa inyong lugar kung maaari kayong mag-aplay o hindi. Sa pag-aaplay, mangyaring ihanda ang mga sertipiko.

## Pampublikong Senior High School

### Desisyon kung matagumpay na nakapasa ang aplikante



Tiyakin lamang ang batayan sa pagtanggap at paghandaan ang pagkuha ng academic ability test.

Maliban sa pagsusulit sa pagpasok o entrance examination ang matagumpay na pumasa ay pipiliin sa pamamagitan ng resulta ng akademikong pagsusulit, ulat ng pagsisiyasat, ulat pansarili at interbyu.

#### ■Ang ulat ng pagsisiyasat

Ang ulat ng pagsisiyasat ay manggagaling sa paaralang panggitna. Ang mga resulta ay galing sa 9 na paksa (Pambansang wika, araling panlipunan, matematika, agham, Ingles, musika, sining, pisikal na edukasyon, inhenyeriya at gawaing pambahay) at rekord ng pagkilos (kasapi sa konseho o komite, mga aktibidad sa club o karaniwang buhay estudyante). Ang resulta (grado) ay may 5 lebel or marka (5.4.3.2.1)

#### ■Para sa Ulat Pansarili

Para sa Ulat Pansarili, kailangang isumite kasama ng application form kasabay din ng inyong salaysay tungkol sa inyong buhay sa Paaralang Panggitna (Junior High School) o ang inyong ekspektasyon sa Mataas na Paaralan (High School)

(Kung ang papasok na mag-aaral ay dayuhan (hindi Hapon) o di kaya ay Hapon na magbabalik-aral mula sa ibang bansa na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon ay hindi na kailangang magpasa ng "Sariling Pagsusuri").

#### ■Pakikipanayam

Ang paaralang may interbyu ay tinatawag na Ulat sa Sarili

Mangyaring isangguni ang pahina 12-13 kung ang inyong kurso ay nangangailangan ng interbyu.



Ang Mataas na Paaralan ang magdedesisyon kung sino ang matagumpay na pumasa base sa huwarang mag-aaral ng paaralan, paki tingnan ang patakaran sa pagpasok ng paaralan inyong sinusulat ang Ulat Pansarili.



## Pamublikong Senior High School

### **Pagpili ng mga mag-aaral para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa, sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa at mga estudyanteng dayuhan na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon**



Sa examinasyon para sa pamublikong senior high school, mayroon ang pagpili para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa o dumating sa Japan, at ang pagpili para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa/mga estudyanteng dayuhan na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon.

(1) "Pagpili sa mga mag-aaral para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa"

#### ■ Nababagay na estudyante

Ang batayan ay ang sinumang nakatira sa ibang bansa higit sa dalawang taon nang tuluy-tuloy at hindi higit sa dalawang taong nakalipas buhat ng pagkabalik galing sa ibang bansa.

#### ■ Nababagay na kurso

English Course (Eigo ka), International Liberal Arts Course (Kokusai kyoyo ka), Intercultural Course (Kokusai bunka ka), Global Studies Course (Global ka), Kurso sa Pandaigdigang Paghahanap (Global Tankyu ka), Integrated Science Course (Sogo kagaku ka)

#### ■ Nilalaman ng pamamalakad

- Ang mga paksa sa pagsusulit ay matematika, Ingles at interbiew (base sa wikang Hapon).
- Para sa pagsusulit sa matematika at Ingles, maaaring magdala ng isang diksyonaryo para sa pagtranslate maliban na lamang sa English to Japanese na diksyonaryo.

(2) "Pagpili para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa/mga estudyanteng dayuhan na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon"

■ Nababagay na estudyante

Ang saligan ay ang sinumang bumalik galing sa China at ang mga nagkakaroon ng nasyunalidad ng ibang bansa, at pumasok sa higit sa grade 4 ng elementary school.

■ Ang mga paaralang magpapatupad nito sa SY 2019

Higashiyodogawa Senior High School (General Course (Futsuka)), Seibi Senior High School (Integrated Course (Sogo gakka)), Kadoma Namihaya Senior High School (Integrated Course (Sogo gakka)), Fukui Senior High School (Integrated Course (Sogo gakka)), Yaokita Senior High School (Integrated Course (Sogo gakka)), Nagayoshi Senior High School (Empowerment Course (Sogo gakka)), Fuse Kita Senior High School (Empowerment Course (Sogo gakka))

■ Nilalaman ng pamamalakad

○ Essay, matematika at Ingles (kasama ang listening test) ang mga subject sa academic ability test.

○ Maaaring sumulat ng essay sa ibang wika maliban sa Japanese.

○ May nakalagay ng furigana (paraan ng pagbasa ng kanji) sa academic ability test.

○ Kung may tanong ng essay o maikling sanaysay sa paksang Pambansang Wika (Kokugo), ipapabigay ang ideya sa pamamagitan ng wikang banyaga para maintindihan ang mga tanong.

○ Maaaring gamitin habang exam ang isa o dalawang diksyunaryo sa ibang wika maliban sa Ingles.

\*Sa itong pagpili, hindi isumite ang ulat ng sariling pagpapahayag.

\*Kung matanggap ang pagpili o hindi, ito ay kukumpirmahin ng Opisina ng Edukasyon sa Nobyembre. Sa pagkumpirma, kinakailangan na magsumite ng mga materyales tulad ng "balikbayan rekord ng bansa". Maaaring tumagal ang proseso ng paghanda, kaya mangyaring kumunsulta sa iyong guro ng junior high school sa lalong madaling panahon.

Kung matanggap ang pagpili ng (1) (2), mag-aapply ang junior high school na iyong pinapasukan sa kasalukuyan sa senior high school kung saan magpapasa ng iyong aplikasyon. Sa mga gustong matanggap ang mga itong pagpili, mangyari lamang kumunsulta sa iyong adviser.

# Pampublikong Senior High School

## Konsiderasyon para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon sa Entrance Exam



Sa examinasyon para sa pampublikong senior high school, mayroon ang pagpili para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa o dumating sa Japan, at ang pagpili para sa mga estudyante na bumalik galing sa ibang bansa/mga estudyanteng dayuhan na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon. Mangyari lamang kumunsulta sa iyong advisor kung pwedeng matanggap ang konsiderasyon o hindi.

### Konsiderasyon①

#### ■ Nababagay na estudyante

Sinumang bumalik o dumating sa Japan upang tumira nang palagian or permanente.

#### ■ Nababagay na senior high school


Lahat ng pampublikong senior high school.

#### ■ Kalagayan

Ang saligan/requirement ay pumasok higit sa unang baitang ng elementary school ang sinuman pagkabalik o pagkarating sa Japan.

#### ■ Nilalaman ng palakad

##### A. Pagpapahaba ng oras sa academic ability test (mga 1.3 times)



Kukunin nila ang pagsusulit sa isang silid na hiwalay sa ibang estudyante  
Kung papayagang gamitin ang palakad A sa inyo, maaaring makapag-apply kayo sa palakad B, C, D.

##### B. Maaaring gamitin sa exam ang diksyunaryo sa ibang wika maliban sa Ingles.

Maaaring dalhin ang isa o dalawang diksyunaryo. Ngunit bawal gamitin ang elektronikong diksyunaryo. Kapag gagamit ng diksyunaryo, aalisin ang mga tanong ukol sa “pagbasa at pagsusulat ng *kanji*” sa exam ng Japanese (*Kokugo*).

##### C. Isusulat ang *kana* (ang pagbasa ng *kanji*) sa academic ability test.

Isusulat ang *kana* sa *kanji* na hindi pinapag-aralan sa elementary school. Ngunit kapag nais ng kukuha ng pagsusulit na ilagay ang *kana* sa *kanji* sa exam ng Japanese (*Kokugo*), aalisin ang mga tanong tungkol sa “pagbasa ng *kanji*”. Marapat na sabihin sabihin kung hindi kailangan ang *kana* sa *kanji* sa exam ng Japanese (*Kokugo*).

##### D. Para sa paksang Japanese (*Kokugo*), ang paaralan ang magbibigay ng ideya para sa paggawa ng maikling sanaysay.

## Konsiderasyon②

### ■ Nababagay na estudyante

Ang batayan ay ang sinumang nakatira sa ibang bansa higit sa dalawang taon nang tuluy-tuloy at hindi higit sa dalawang taong nakalipas buhat ng pagkabalik galing sa ibang bansa.

### ■ Nababagay na senior high school

Lahat ng pampublikong senior high school

### ■ Nilalaman ng palakad

Kapag sumulat ng ulat ng sariling pagpapahayag, pwedeng hilingin sa iyong guro o magulang/guardian na magsulat sa ngalan mo. Kung hindi pwede silang sumulat para sa iyo, maaaring sumulat sa pamamagitan ng wika maliban sa Japanese.

Kung matanggap ang mga itong konsiderasyon, mag-aapply ang junior high school na iyong pinapasukan sa kasalukuyan sa senior high school kung saan magpapasa ng iyong aplikasyon. Sa mga gustong matanggap ang mga itong konsiderasyon, mangyari lamang kumunsulta sa iyong adviser.

(\*) Lahat ng impormasyong nakasulat ay hindi pa napagpasyahan. 2018 taon Octubre, ang araw ng paglalabas ng napagpasyahan.

# Pampublikong Senior High School

## Ang iskedyul ng exam sa pagpasok sa 2019 taon



Paki-tingnan ang iskedyul ng exam sa pagpasok (entrance exam), mga bayarin, pagpasok, petsa ng resulta ng examinasyon dahil magkakaiba ang bawat kurso o paksa.

		Uri ng Pagpipilian	Huling araw ng Pagpapatala	Petsa ng exam	Ang Anunsyo ng mga Matagumpay na nakapasang aplikante
Pagpapatala ng mga espesyal na pinili	Kurikulumang Pang-Araw (Full-time)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kurso sa Industriya (Kurso sa Arkitektura at Pagdidisenyo / Kurso sa Panloob na Disenyo / Kurso sa Pamproduktong Disenyo / Kurso sa Panlarawang Disenyo / Kurso sa Biswal na Disenyo / Kurso sa Design System), Kurso sa Pandaigdigang Paghahanap,</li> <li>• Kurso sa Sining    • Kurso sa Pisikal na Edukasyon</li> <li>• Kurso sa Pag-alih at Kultura    • Kurso sa Pag-arte</li> <li>• Kurso sa Kalahatang Paghubog</li> </ul>	Pebrero 13 (Miyerkules) at Pebrero 14 (Huwebes)	Pagsusuri ng mga nakamtan Pebrero 19 (Martes) Pagsusuri sa praktikal na kasanayan Pebrero 20 (Miyerkules)	Pebrero 27 (Miyerkules)
		<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kurso sa Musika</li> </ul>	Pebrero 5 (Martes) at Pebrero 6 (Miyerkules)	Talento sa Pagkanta Praktikal na kasanayan para sa major Pebrero 17 (Linggo) Pagsusuri ng mga nakamtan Alamin ang tunog Pebrero 19 (Martes)	
		<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kurso sa Pinagsamang Agham (Pagbibigay-Kapangyarihan sa Paaralan)</li> </ul>	Pebrero 13 (Miyerkules) at Pebrero 14 (Huwebes)	Pagsusuri ng mga nakamtan Pebrero 19 (Martes) Pakikipanayam Pebrero 20 (Miyerkules)	
	Multi-class credit system course I at II (Creative School)				
	pang-araw o pang-gabi				
		Mga napiling papasok/entrante para sa sa Nose Branch ng Toyonaka Senior High School ng Lalawigan ng Osaka		Pagsusuri ng mga nakamtan Pebrero 19 (Martes) Pakikipanayam Pebrero 20 (Miyerkules)	
		Pagpili sa mga mag-aaral na bumalik galing sa ibang bansa	Pebrero 13 (Miyerkules) at Pebrero 14 (Huwebes)	Pagsusuri ng mga nakamtan Pakikipanayam Pebrero 19 (Martes)	
		Kung ang papasok na mag-aaral ay dayuhan (hindi Hapon) o di kaya ay Hapon na magbabalik-aral ay nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng wikang Hapon, piliin ang paaralang ito.		Pagsusuri ng mga nakamtan Pagsusulat Pebrero 19 (Martes)	
		Pagpili ng kursong pagsuporta sa pagsasarili ng mga mag-aaral na may matinding pinagdadaanan sa pag-iisip		Pakikipanayam Pumili ng isang araw mula Pebrero 18 (Lunes), 19 (Martes), 20 (Miyerkules), 21 (Huwebes)	

	Uri ng Pagpipilian	Huling araw ng Pagpapatala	Petsa ng exam	Ang Anunsyo ng mga Matagumpay na nakapasang aplikante
Karaniwang Pagpapatala	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pangkalahatang Kurso (Kasama na ang Mataas na Paaralan na merong Pangkalahatang Kurso at sistemang kredit)</li> <li>• Kurso sa Negosyo</li> <li>• Kurso sa Pandaigdigang Kalakalan</li> <li>• Kurso sa Agrikultura</li> </ul> (Hindi kasama ang kursong may espesyal na pagpili sa pagpapatala) <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kurso sa Impormasyong Agham • Kurso sa Ingles</li> <li>• Kurso sa Internasyonal na Pag-aaral</li> <li>• Kurso sa Internasyonal na Kultura • Pandaigdigang Kurso • Kurso sa Pambansang Wika • Kurso sa Agham at Matematika • Kurso sa Pinagsamang Agham</li> <li>• Kurso sa Agham sa Paglikha • Kurso sa Literatura at Agham • Kurso sa Boluntaryo at Kapakanan</li> <li>• Kurso sa Kultura ng Pagkain</li> <li>• Kurso sa Pangkalahatang Agham (Kasama ang malikhaing paaralan maliban na lamang sa kursong dalawahang pinagsamang agham at pagbibigay-kapangyarihan sa paaralan.)</li> </ul>	Marso 1 (Biyernes) Marso 4 (Lunes) at Marso 5 (Martes)	Pagsusuri ng mga nakamtan Marso 11 (Lunes)	Marso 19 (Martes)
	Multi-class credit system course III (Creative School) Kurso para sa part-time na pag-aaral			
	Liham na Kurso	Marso 3 (Linggo) Marso 4 (Lunes) at Marso 5 (Martes)	Pakikipanayam Pumili ng isang araw mula Marso 8 (Biyernes), 9 (Sabado), 10 (Linggo)	
Pangalawang pagsubok para makapasok sa eskwelahan (kung meron man)	Ang kursong pagsuporta sa pagsasarili ng mga estudyanteng may matinding pinagdadaanan sa pag iisip ay makadaragdag sa bagong pagpili ng mga mag-aaral (kung meron man)	Marso 22 (Biyernes)	Pakikipanayam Marso 22 (Biyernes)	Marso 26 (Martes)
Pagpili ng magpapatala sa panahon ng tag-lagas		Setyembre 9, 2019 (Lunes)	Pagsusuri sa karaniwang kasanayan sa akademya Pakikipanayam Setyembre 12, 2019 (Huwebes)	Setyembre 18, 2019 (Miyerkules)

## Sistemang Pangtulong Gastos Pang-aral

### Pansamantalang Pautang (Loan System) para sa Pagpasok



Maaaring manghiram ng perang kinakailangan sa pagpasok sa paaralan. Para sa mga detalye katulad ng mga kuwalipikasyon, batayan, paraan ng pagsasauli atbp, maari po lamang magtanong sa nakalistang contact number.



Pangalan	Halaga	Panahon ng application	Contact
Japan Scholarship Society Osaka Prefecture ( <i>Osakafu Ikuei Kai</i> )	pampublikong senior high school: aabot hanggang ¥50,000  pribadong senior high school: aabot hanggang ¥250,000	Sa kalagitnaan ng Setyembre hanggang Unang bahagi ng Oktubre ng ikatlong taon ng junior high school	TEL 06-6357-6272
Living Welfare Scholarship ( <i>Seikatsu Fukushi Shikin Kashitsuke</i> )	Aabot hanggang ¥500,000	Hanggang sa katapusan ng Abril mula pagpasok	social welfare association sa bawat munisipiyong
Biyuda Ama at Anak Welfare Scholarship ( <i>Boshi Fushi Kafu Fukushi Shikin</i> )	pampublikong senior high school (pagpasok mula sa sariling bahay): aabot hanggang ¥150,000  pribadong senior high school (pagpasok mula sa sariling bahay): aabot hanggang ¥410,000	Hanggang sa panahong bago mabayaran ang matrikula matapos napagpasyahan ang pagpasok ng paaralan	Welfare office sa pook na tinitirahan ninyo.
Scholarship for Children Orphaned in Traffic Accidents ( <i>Kotsu Iji Ikuei Kai</i> )	① ¥200,000 ② ¥400,000 ③ ¥600,000 Pinipili sa ①, ② o ③ sa oras ng pag-aaply.	Abril-Enero ng ikatlong taon ng junior high school	TEL 0120-52-1286
Ashinaga Scholarship Society ( <i>Ashinaga Ikuei Kai</i> )	pribadong senior high school: ¥300,000	Abril 1 hanggang Pebrero 28 ng ikatlong taon ng junior high school	TEL 0120-77-8565

## Sistemang Pangtulong Gastos Pang-aral Scholarship



May sistemang nagbabayad o nagpapahiram ng gastos sa pag-aaral sa mga estudyanteng nangangailangan dahil sa kalagayan ng pamilya at badyet. Ang ilan sa mga ito ay kailangan bayaran makaraan ang pagtatapos sa paaralan. Para sa mga detalye katulad ng kuwalipikasyon, batayan, paraan ng pagsasauli atbp, maaring magtanong sa nakasaad na contact number.

Pangalan	Halaga	Panahon ng application	Contact
Japan Scholarship Society Osaka Prefecture ( <i>Osakafu Ikuei Kai</i> )	pampublikong senior high school at pribadong senior high school tuition fee + hindi hihigit sa ¥100,000 na halaga ng babayaran	Sa kalagitnaan ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Oktubre ng ikatlong taon ng junior high school  Maari din mag-apply pagkatapos matanggap sa paaralan.	TEL 06-6357-6272
Living Welfare Scholarship ( <i>Seikatsu Fukushi Shikin Kashitsuke</i> )	buwanan, hindi hihigit sa ¥35,000	Kahit kailan	social welfare association sa bawat munisipalidad
Biyuda Ama at Anak Welfare Scholarship ( <i>Boshi Fushi Kafu Fukushi Shikin</i> )	Maaaring magpahiram kung ang aplikante ay pupunta sa mga pribadong mataas na paaralan sa labas ng lalawigan ng Osaka. (Kinakailangang komunsulta sa kaukolang pampinansya)	Kahit kailan matapos napagpasyahan ang pagpasok ng paaralan	Welfare office sa pook na tinitirahan.
Scholarship for Children Orphaned in Traffic Accidents ( <i>Kotsu Iji Ikuei Kai</i> )	buwanan ① ¥20,000 ② ¥30,000 ③ ¥40,000 Pinipili sa ①, ② o ③ sa oras ng pag-aapply.	Abril hanggang Enero ng ikatlong taon ng junior high school, o Abril-Enero pagkatapos matanggap sa paaralan	TEL 0120-52-1286
Ashinaga Scholarship Society ( <i>Ashinaga Ikuei Kai</i> )	Buwanan  pampublikong senior high school: ¥25,000  pribadong senior high school: ¥30,000	Abril 1 hanggang Pebrero 28 ng ikatlong taon ng junior high school Maari din mag-apply pagkatapos matanggap sa paaralan	TEL 0120-77-8565
Scholarship Association for Returnee Students from China ( <i>Chugoku Kikoku Shijo Kotogakkotou Shogakukin</i> )	buwanan ay ¥20,000 at hindi kailangang isauli	Nobyembre 1 hanggang 26 ng ikatlong taon ng junior high school	Pundasyon sa Kultura ng Yamazaki Toyoko TEL 072-266-2522
Korean Scholarship Association ( <i>Chosen Shogakukai Shogakukin</i> )	buwanan ay ¥10,000 at hindi kailangang isauli	Abril 2 hanggang Mayo 10 pagkatapos matanggap sa paaralan	TEL 06-4255-3618



# Alternatibong Landas Bukod sa Pagpasok sa Senior High School



Bukod sa pagpasok sa senior high school, may ibang landas katulad ng sumusunod na maaaring tahakin pagkatapos ng junior high school.

## ■ Ibang landas bukod sa pagtungtong senior high school

Technical College (*Koto Semmon Gakko*):

Technical at business skills ang pangunahing pinag-aaralan dito.

Vocational College (*Koto Senshu Gakko*):

Mga bagay na kakailanganin sa trabaho at pamumuhay ang pinag-aaralan dito.

Vocational Training School (*Koto Shokugyo Gijutsu Semmonko*):

Mga skills na kakailanganin sa trabaho ang pinag-aaralan dito.

Magkakaiba ang maaaring pag-aralan sa bawat paaralan. Para sa karagdagang detalye magtanong sa inyong adviser.

## ■ Pag-aalaga ng bahay, family business



## ■ Paghahanap ng trabaho



Ano ang magandang gawin upang makahanap ng trabaho?

⇒ Mayroong dalawang paraan.

① Maaaring magpahanap ng trabaho sa “Hello Work”.

② Maaaring magpahanap ng trabaho sa kakilala ng inyong pamilya atbp.

Ang “Hello Work” ay nagpapakilala ng trabaho sa mga nais magtrabaho.

Maaari ding kumonsulta sa wikang Chinese, Ingles, Portugues, Espanol atbp.

## Listahan ng mga Ahensyang Tagapayo



Maaring dumulog at kumunsulta tungkol sa landas na pipiliin pagkatapos ng junior high school sa pamamagitan ng telepono.

Institusyon	Contact Number (Telepono)	Wikang ginagamit
Osaka Prefectural Board of Education, Education Office for Municipalities, Elementary and Junior High School Division, Group for Career Support ( <i>Osakafu Kyoiku Cho Shichoson Kyoikusitsu, Shochyugakkoka, Shinro Shien Group</i> )	TEL 06-6941-0351 (local: 3504)	Japanese
Osaka City Board of Education ( <i>Osakashi Kyoiku Inkai</i> )	TEL 06-6208-9185	Japanese at Chinese
Sakai City Board of Education ( <i>Sakaishi Kyoiku Inkai</i> )	TEL 072-228-7436	Japanese
Osaka Prefecture Education Council for Foreigners in Japan ( <i>Osakafu Zainichi Gaikokujin Kyoiku Kenkyu Kyogikai</i> )	Fax 050-3383-2683 Email fugaikyo@nifty.com	Japanese
Osaka City Research Council for Foreigners ( <i>Osakashi Gaikokujin Kyoiku Kenkyu Kyogikai</i> )	TEL 090-3847-2420	Japanese

**Setyembre, 2018 nilabas**

◆**Labas / Paghayag**◆

**Osaka Prefectural Board of Education, Education Office for Municipalities,  
Elementary and Junior High School Division, Group for Career Support**

TEL 06-6941-0351 (local 3504) FAX 06-6944-3826

E-mail shichosonkyoiku@sbox.pref.osaka.lg.jp

URL <http://www.pref.osaka.jp/shochugakko/>

※Copyright Free except Commercial use

Tiyakin ang pinagkukunan kapag kokopya nito.